ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVII Blg. 3
Pebrero 7, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Habang binibira ng rehimeng Marcos ang China, namamayagpag ang US sa Pilipinas

Nitong nagdaang ilang araw, dinumog ng ilang maka-US na pulitiko at upisyal ng rehimeng US-Marcos ang mga upisyal ng embahada ng China sa Pilipinas, na inakusahang "hindi mabuting bisita" at ng "panghihimasok." Habang kinuha nito ang atensyon ng publiko, tahimik na namamayagpag ang mga pwersang nabal at militar ng US sa bansa, sa tuluy-tuloy nitong pagpapalakas ng pwersang militar sa lupa at karagatan sa palibot ng Pilipinas.

Sumiklab ang mainit na tagisan ng salita matapos magpalaganap si Cmdr. Jay Tarriela, tagapagsalita ng Philippine Coast Guard-West Philippine Sea (PCG-WPS), na mapangutyang mga imahe na umalipusta sa lider ng China, taliwas sa mga pamantayan ng galangan ng mga bansa. Nagawa nitong udyukin ang malakas na reaksyon ng mga upisyal ng China, na gumamit ng mabibigat ding salita para hinging patawan ng hakbanging pandisiplina ang upisyal ng PCG.

Ang mga aksyon ni Tarriela ay kalkulado para upatin ang China. Ginawa ito isang araw bago idaos ang "bilateral consultation," isang dayalogo na pinasinayaan ng China sa Xiamen City. Sadyang papel niya ang paypayan ang antagonismo laban sa China, mula italaga siyang tagapagsalita ng PCG-WPS noong 2023, kasunod ang pagsasanay niya sa Washington.

Sinuhayan siya ng ilang senador sa pangunguna ni Sen. Risa Hontiveros. Napapirma niya ang 15 senador sa resolusyon para batikusin ang China, kasabay ng usap-usapan ng ilang senador na ideklarang "persona non grata" ang upisyal ng embahada nito. Animo'y sinusunog na nila ang tulay ng diplomasya.

Si Hontiveros ay kilalang Amboy at manunulsol ng sentimyentong anti-China. Habol niya ang suporta ng US para sa ambisyon sa 2028. Pagbabalatkayo lamang ang "pagtatanggol sa soberanya" na ginawa niya at Senado sa pagbatikos sa China. Hindi kumibo ang Senado sa pagpirma ng Philippines-Japan Acquisition and Cross-Servicing Agreement noong Enero 15. Noong 2024, pinagtibay nito ang Reciprocal Access Agreement (RAA). Kapwa ito tahasang paglapastangan sa kasarinlan ng bansa na nagbibigay sa militar ng Japan ng laya na maglabas-masok sa bansa, na bahagi ng papel nito bilang katuwang ng US sa estratehiyang "first island chain" para palibutan ang China.

Ni minsan ay hindi kolektibong nanindigan ang Senado laban sa paparaming mga base militar ng US sa



Pilipinas sa ilalim ng EDCA o laban sa mga sikretong pasilidad ng US sa Palawan, Ilocos, Aurora, Cagayan at iba pang lugar, o laban sa pagpakat ng US ng mga *long-range missile* at iba pang sandatang pandigma nito sa mga lihim na lokasyon sa bansa. Tahimik ito sa pagpasok at paglalayag ng mga barkong pandigma ng US sa karagatang teritoryo at pagsuot nito sa pagitan ng mga isla ng Pilipinas, at sa pagaangkla ng mga higanteng barkong nabal ng US sa karagatang eksklusibo ng bansa.

Hindi rin nito kinokontra ang tuluy-tuloy na paghahanda ng US ng gera at pagpapakat ng paparaming mga kagamitan at tropang militar sa Pilipinas. Hindi ito nagsalita laban sa balak ng US na "ibenta" sa Taiwan ang mga EDCA *site* ng US sa Pilipinas, o planong gamitin ang Davao Gulf bilang "refuelling hub" para magserbisyo sa mga pwersang nabal ng US. Tikom din ang bibig ng Senado sa planong itayong pagawaan ng bala sa Subic na magiging bahagi ng plano ng US na gamitin ang bansa na base ng operasyong panggera nito sa Asia.

Habang nagpupuputak sa China ang ilang pulitiko at upisyal ni Marcos, tahimik na itinatag ng US ang bagong Army Rotational Force-Philippines, sa ilalim ng kanyang Task Force Philippines. Katuwang ang AFP at pwersang militar ng mga alyado nitong bansa, isasagawa muli ang bagong mga maniobra sa karagatang sakop ng *exclusive economic zone* ng Pilipinas.

Habang sa Pilipinas ay tumindi ang mga tiradang kontra-China pabor sa US, sa buong mundo ay lumakas ang mga pagbatikos sa imperyalismong US. Ito ay matapos nitong nilusob ang Venezuela at dinukot ang presidente nitong si Nicolas Maduro at asawa niyang si Cilia Flores. Sinundan ito ng deklarasyong aagawin ang bansang Greenland, mga pagbabanta sa Mexico, Colombia at Panama, pang-uupat ng gulo kaakibat ang mga banta ng paglusob sa Iran, at pinatinding panggigipit sa Cuba at mga bansang nakikipagkaibigan o nakikipagkalakalan dito.

Inilantad ng mga ito ang kahungkagan ng sinasabi ng US na "international rules-based order." Inilinaw ng pasistang hibang na si Trump na "America First" o interes ng US ang tunay na nasa likod nito, sa pagkukumahog na agawin ang kontrol sa mga pinagkukunan ng langis at hilaw na materyales sa iba't ibang panig ng mundo. Upang hindi matali sa internasyunal na batas, inaalisan nito ng lakas ang United Nations sa pamamagitan ng paglabas sa mga komisyon nito, at hindi pagbabayad ng butaw. Itinayo ni Trump ang Board of Peace, diumano'y hahalili sa wala raw silbing UN, para palabasing may internasyunal na basbas ang pagpataw ng kapangyarihan ng US at Israel sa Gaza Strip.

Kinundena ang US sa iba't ibang bansa, habang dumistansya maging ang mahihigpit na kaalyado nitong imperyalista. Binatikos din ang mga hakbang na ito maging ng mamamayang Amerikano, kasabay ng mga malawak na protesta laban sa pasistang rehimeng Trump kaugnay ng sunud-sunod na kaso ng pamamaslang ng mga ahente ng estado at pagkukulong sa ilampung libong imigrante. Nahaharap din si Trump sa malawak na pagkamuhi dahil sa ugnay niya kay Jeffrey Epstein, hinatulang kriminal sa mga kaso ng pang-aabuso sa kababaihan at mga bata.

Sa Pilipinas, pilit tinatabunan ang pandaigdigang pagbatikos sa US sa pamamagitan ng maka-US na masmidya, kasabay ng orkestradong atake laban sa China. Inilalarawan ang China na "banta" sa soberanya ng Pilipinas, para suhayan ang paulit-ulit na kasinungalingan na kailangan ng Pilipinas ng tulong ng US para ipagtanggol ang bansa. Ang tunay na banta sa Pilipinas ay ang papalaking posibilidad ng agresyong militar ng US sa Asia, kasabwat ang Japan, Australia at iba pang alyado nitong kapangyarihan. Kakaladkarin nito ang mga Pilipino sa isang internasyunal na sigalot na taliwas sa interes ng bayan.

Kailangang kailangan ngayon na ipaglaban ng sambayanan ang tunay na pambansang soberanya. Dapat palakasin ang makabayang kilusang masa para ipaglaban ang paglalansag ng mga base militar ng US, ang pagpapalayas sa lahat ng dayuhang imperyalistang tropa, at ang pagwawakas sa panghihimasok militar ng US sa bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 3 | Pebrero 7, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Habang binibira ng rehimeng Marcos ang China, namamayagpag ang US sa Pilipinas 1
Pagbuhay ni Trump sa doktrinang Monroe 3
Pambansang welga laban sa pasismo sa US 4
Imperyalistang pag-atake sa Rojava, kinundena 4
Pakikiisa sa Venezuela at Palestine 4
Sa madaling salita 5
SMR, pagsiil sa karapatan sa pagpapahayag 6
Ghost projects sa US, Taiwan, pinaiimbestigan 7
Protesta kontra-korapsyon, ikakasa sa Pebrero 25 7
Rebolusyonaryong ambag ni Ka Amek, kinilala 8
Mga armadong aksyon ng BHB-Northern Samar 8
Mga protesta 8
Impeachment laban kay Marcos, agad hinarang 9
Malawakang protesta sa kampus, inilunsad 9
Pakikibakang manggagawa 9
Dayuhang mina, nilalabanan sa Nueva Vizcaya 10
Terror financing, banta sa kalayaan 11
2 *hors de combat*, sadyang pinatay ng 47th IB 11
Dagdag na mga *ecozone* para sa dayuhan 12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

Pagbuhay ni Trump sa imperyalista at interbensyunistang doktrinang Monroe

Noong Disyembre 2025, inilabas ni Donald Trump ang National Security Strategy ng imperyalistang US. Sinundan ito ng paglalabas ng National Defense Strategy noong Enero 26. Sa parehong dokumento, tampok ang sinasabing "Trump corollary" o pagdudugtong sa doktrinang Monroe na nagtulak ng dominasyon ng US sa Western Hemisphere o kanlurang bahagi ng mundo.

Unang ipinatupad ng US ang "doktrinang Monroe" noong 1823 para ipagkait sa noo'y kolonyalistang mga bansang European ang Latin America, na inangkin ng US bilang sariling bakuran, at ang mga rekurso at bentahe dito bilang kanya lamang.

Dalawang siglo makalipas, muling binuhay ang doktrina sa pinaigting na interbensyong militar sa Latin America. Tulad ng naunang "Roosevelt Corollary" (1904), agresibong iwinawasiwas ni Trump ang superyor na lakas militar ng US para gipitin at brasuhin ang mas mahihinang bansa at alyado sa Latin America, North America at Europe.

Doktrina ng imperyalistang interbensyon at agresyon

Pinapayungan ng "Trump corollary" ang kasalukuyang mga atake, agresyon at panggigipit ng imperyalismong US sa Western Hemisphere at ibang bahagi ng mundo.

Noong Enero 3, sinalakay ng militar ng US ang Venezuela at dinukot ang presidente nitong si Nicolas Maduro at asawa niyang si Cilia Flores sa tangkang paluhurin ang soberanong gubyernong Chavista at agawin ang rekursong langis ng bansa. Noong Enero 29, nagdeklara si Trump ng "national emergency" kaugnay sa Cuba at ipinag-utos ang pagpataw ng dagdag na taripa sa mga bansang nagsusuplay dito ng langis. Kasabay nito ang mga pambabanta niya ng pagpataw ng katulad na mararahas na sangsyon sa Colombia, Nicaragua, Mexico at iba pang mga bansang nakikipagkalakan sa Russia at China.

Hindi pa man nakaupo sa pwesto, nagbanta na si Trump noong 2024 na sasalakayin ang Panama kung hindi nito "ibabalik" sa US ang kontrol sa Panama Canal. Tinambakan niya ang bansa ng mga tropang Amerikano sa tabing ng mga *war games*. Dulot ng matinding presyur, naglabas ang Korte Suprema ng Panama noong Enero ng kautusan para palayasin ang mga kumpanyang Chinese sa lagusan at ibenta ang mga pasilidad dito sa BlackRock, ang pinakamalaking Amerikanong kumpanya sa pinansya.

Noon ding Enero, pinagbantaan ni Trump ang walong bansang myembro ng NATO na papatawan niya ng hanggang 25% taripa ang mga eksport ng mga ito kung patuloy nilang tututulan ang balak ng US na "bilhin" ang Greenland mula sa Denmark. Plano ng US na gawing base militar ang buong isla at ipwesto dito ang samutsaring misayl para sa depensa ng US (tinawag na Golden Dome) mula sa mga "atake ng China, Russia, North Korea at Iran." Napaatras si Trump matapos magbanta ang mga bansang European na gaganti at magpapataw ng matataas na taripa sa mga produktong Amerikano. Gumawa rin ng hakbang ang naturang mga bansa para mas malawak na makipagkalakalan sa China.

Labas sa Western Hemisphere, tuluy-tuloy ang henosidyo, panggegera at panunulsol ng gera ni Trump, kabilang sa Palestine, sa awtonomos na rehiyon ng Rojava sa Syria, Iran, Russia at iba pa. Sa Asia, iwinawasiwas niya ang kapangyarihang militar ng US sa naglalakihang *war games* at papalaking presensya sa rehiyon. Gamit ang Pilipinas bilang lunsaran, walang-awat ang mga operasyong nabal ng US sa South China Sea para sulsulan ang China at hamunin itong makipaggera.

Pagguho ng ilusyon ng "international rules-based order"

Tuluyan nang binitawan ni Trump ang pagkukunwaring umiiral ang isang "internasyunal na kaayusang nakabatay sa mga tuntunin" at na ito'y itinataguyod ng US. Sa isang pagpupulong ng mga lider ng mga kapitalistang bansa noong Enero 20, idineklara ng mga alyado ng US na "patay na" ang naturang kaayusan.

Sa tabing ng "America First" (Amerika Muna), pinirmahan niya ang kautusan para iatras ang US sa 66 internasyunal na organisasyon at kasunduan noong Enero 6. Kabilang sa mga ito ang 31 ahensya ng United Nations (UN). Naging pinal na rin ang pag-atras ng US sa World Health Organization noong

Sundan sa pahina 4

Pambansang welga laban sa pasismo, inilunsad sa US

Naglunsad ng pambansang welga ang mamamayan ng US bilang protesta sa umiigting na walang pakundangang pasismo ng mga ahente ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) at Customs and Border Patrol (CBP) noong Enero 30. Tinawag ang protesta na "National Shutdown: No Work. No School. No Shopping. Stop Funding ICE."

Naganap ang 300 kilos protesta at welga sa 50 estado, sa pangunguna ng mahigit 1,000 organisasyon. Kabilang sa nag-organisa ng pagkilos ang mga grupo ng mga Pilipino tulad ng Anakbayan, Malaya Movement, League of Filipino Students, Defend Migrants Alliance at Migrante USA. Tampok na protesta ang pag-*walk-out* ng libu-libong estudyante sa hayskul at kolehiyo mula sa iba't ibang syudad. Ilanlibong negosyo ang pansamantalang nagsara at nagpahayag ng suporta sa welga.

Inilunsad ang welga sa gitna ng umiigting na karahasan sa Minnesota. Nasa 3,000 ahente mula sa Department of Homeland Security ang idineploy sa ilalim ng Operation Metro Surge, upang tugisin ang mga imigrante at maghasik ng takot sa mamamayan. Lumundo ang karahasan sa pagpatay ng ahente ng ICE kay Renee Good, isang manunulat noong, Enero 7. Sinundan ito ng pagpatay ng mga ahente ng CBP kay Alex Pretti, isang nars, noong Enero 24. Maliban sa dalawang biktima, pinatay din ng mga ahente ng ICE sina Keith Porter, isang US *citizen* at Silverio Villegas González, isang imigrante mula Mexico.

Sa Minnesota inilunsad ang unang bugso ng pangkalahatang welga noong Enero 23. Umabot sa 50,000 ang lumahok sa protesta at mahigit 700 negosyo ang nagsara sa araw na iyon. Nasa 80,000 manggagawa mula sa Minneapolis Regional Labor Federation ang sumuporta sa pagkilos.

Simula nang umupo sa pwesto si Trump, mahigit 30 ang namatay habang nakadetine sa mga pasilidad ng ICE. Kadalasang sanhi ng pagkamatay ay kapabayaan sa kalusugan ng mga ibinimbin. AB

Mula sa pahina 3

Enero 22. Itinigil ng US ang pagbibigay ng pondo sa mga ito na nagresulta sa maramihang pagsasara ng mga upisina at naglalagay sa UN sa bingit ng pagguho. Itinatag ni Trump ang "Board of Peace" na ang unang tungkulin ay gawing direktang kolonya ng US at Israel ang Gaza.

Sa loob ng US, ginagamit din ni Trump ang "America First" laban sa kunwa'y "malawakang migrasyon" ng mga "kriminal" at "iligal na dayuhan." Binibigyang katwiran nito ang pasistang kampanyang kontra migrante, imigrante at maging ng sariling mamamayan na pwersahang ikinukulong at pinatatalsik mula sa bansa. Nagdulot ito ng matinding ligalig at karahasan, na sinagot naman ng papalawak na pagkakaisa at paglaban ng mamamayang Amerikano. AB

Mga pambansa-demokratikong grupo, nakiisa sa Venezuela at Palestine

NAGMARTSA TUNGONG EMBAHADA ng US sa Maynila ang mga pambansa-demokratikong grupo noong Pebrero 6 bilang pakikiisa sa Internasyunal na Araw ng Pagkilos para sa Venezuela at Palestine. Nakatuon ang protesta para panagutin ang imperyalistang US sa agresyon nito sa Venezuela at henosidyo nito at ng Zionistang Israel sa Palestine. Dala nila ang mga panawagang: US, numero Unong Terorista at Itigil ang makinarya ng digmaan ng US!

Samantala, nagprotesta sa Panay ang mga progresibong grupong estudyante noong Pebrero 4 bilang paggunita sa anibesaryo ng pagsiklab ng gerang Pilipino-Amerikano noong 1899. Kinundena nila ang nagpapatuloy na interbensyon ng US sa Pilipinas, sa anyo ng tagibang na mga kasunduan at presensyang militar ng US sa bansa.

Imperyalistang pag-atake sa Rojava, kinundena

MARIING KINUNDENA NG panrehiyong komite ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) sa Europe ang papatinding atake laban sa mamamayan ng Rojava na nagsimula noong huling mga linggo ng Enero. Inilalarawan ng ILPS ang nagaganap na opensiba bilang "malubha at tumitinding kampanya ng karahasan, pagpapalikas at kolektibong pagpaparusa" na walang galang sa buhay ng mga sibilyan at batayang dignidad ng tao. Babala nito, nakaamba ang malawakang masaker sa mamamayang Kurdish.

Sa pahayag nito, binigyang diin ng ILPS Europe na ang mga pag-atake sa Rojava. Ayon sa grupo, nakaayon sa mga layunin sa pulitika at militar ng mga makapangyarihang estado sa rehiyon at ng kanilang imperyalistang amo. Iniuugnay ng grupo ang opensiba sa mas malawak na estratehiya ng kooperasyong US-Zionista-Turkish na nakatuon sa paghahari sa West Asia.

Mariing binatikos ng ILPS Europe ang mga gubyerno sa Europe sa pakikipagsabwatan sa opensiba sa pamamagitan ng pagpopondo at pagsuporta sa rehimen at mga armadong grupong sangkot sa pag-atake at pagmasaker sa mamamayang Kurdish.

SA MADALING SALITA

7 taon

na mula nang barilin ng mga ahente ng estado si **Randy Malayao**, konsultant sa usapang pangkapayapaan ng NDFP, habang natutulog siya sa bus noong Enero 30, 2019. Tampok ang kanyang buhay at pakikibaka sa pelikulang "Bloom Where you are Planted," kasama ang buhay ng kalalaya lamang na si Amanda Echanis at aktibistang si Agnes Mesina.

124 taon

mula nang itatag ang **Unyon Obrero Democratica** sa Cine Variadades, Sampaloc, Maynila noong Pebrero 2, 1902, bilang kauna-unahang sentro ng paggawa na lumaban para sa sahod, karapatan ng mga manggagawa at kalayaan ng Pilipinas mula sa kolonyalistang US.

PEBRERO 23

itinakdang petsa ng ICC para dinggin ang kumpirmasyon ng mga kaso laban kay Rodrigo Duterte matapos magdesisyon ang korte na siya ay "fit to stand trial." Itinakda ang unang pagdinig noong Setyembre 23, 2025 pero nabalam dahil sa *delaying tactics* ng kampong Duterte.

7 PINAKAMALALAKING KUMPANYA SA TEKNOLOHIYA

ang may kontrol sa 30%-35% ng *stock market* sa US; plano ng mga ito na sumugal ng $600 bilyon para sa AI (*artificial intelligence*).

$40 B nalikom na rebenyu

mula sa *business process outsourcing* (BPO) noong 2025. Sa kabila nito, patuloy na iniinda ng mga manggagawa sa sektor ang mababang sahod, di tiyak na trabaho at kawalan ng proteksyon sa paggawa.

11 taon

bago naipagtagumpay ng Talents Association of GMA (TAG) ang kaso kaugnay sa regularisasyon laban sa GMA Network Inc. Kinilala ng Korte Suprema ang mga *talent* ng GMA Network bilang regular na mga empleyado ng kumpanya at sa gayon ay nararapat na makatamasa ng seguridad sa trabaho at mga benepisyo.



3,800 MGA BATA,

kabilang ang 20 sanggol, ang idinetine ng ICE ng US sa pasistang kampanyang kontra-migrante at imigrante ng rehimeng Trump. Ilan sa mga bata ay namatay dahil sa kapabayaan ng ICE sa kanilang medikal na kalagayan.

₱2/KWH

itinaas ng Davao Light sa singil nito sa serbisyo ng kuryente, mula ₱9.7135/kWh tungong ₱11.7187/kWh noong Enero. Pabigat ang dagdag na bayarin sa mga Dabawenyo.

Social Media Registration

Panukala para sa sarbeylans at pagsiil sa karapatan sa pagpapahayag

Noong Enero 21, itinulak ng Department of Information and Communications Technology (DICT) ang isang panukalang patakaran para gawing rekisito ang pagpaparehistro ng mga Pilipino sa pagbubukas ng akawnt saanmang plataporma ng *social media*. Sa ilalim ng panukala, gagawing rekisito ang pagbibigay ng tunay na pangalan at iba pang datos para magamit ang sariling akawnt. Para sa mga edad 18 pababa, kailangan ang magulang para sa beripikasyon.

Oobligahin din ang mga *platform* na magkaroon ng mahigpit na beripikasyon sa pagkakakilanlan, kabilang ang pagkuha ng larawan ng mukha ng mga gumagamit nito. Ito daw ay upang labanan ang mga krimen *online* tulad ng mga *scam*, pagnanakaw ng identidad, at sekswal na pang-aabuso at pagsasamantala sa mga bata. Ang naturang polisiya ay kasalukuyan nang ipinatutupad sa European Union at itinutulak na maipatupad sa buong Southeast Asia. Unang ipinanukala ni Sen. Panfilo Lacson ang parehong polisiya noong Hulyo 2025.

Ayon sa mga grupong Agham at Computer Professionals' Union, bagamat lehitimo ang mga isyung binanggit ng DICT, tahasang nilalabag ng polisiya ang pribasiya ng mga gumagamit ng *social media*. Pinapasa ng ahensya ang responsibilidad sa pagpuksa sa mga krimen *online* sa ordinaryong Pilipino sa halip na papanagutin ang mga kumpanyang nagmamay-ari ng mga *social media platform*. Ginagawa din nitong normal ang sarbeylans at pangungulekta ng pribadong impormasyon ng mga indibidwal.

Malinaw na bahagi ito ng papatinding sarbeylans, sensura at pagsupil ng rehimeng US-Marcos sa karapatan sa malayang pagpapahayag at pamamahayag ng mamamayan. Wala itong pinag-iba sa dati nang palpak na mga batas tulad ng SIM Registration Law at Cybercrime Prevention Act na naglagay sa mga sensitibong datos ng mamamayan sa kamay ng mapaniil na ahensya ng estado at pribadong kumpanya. Hindi nito nasugpo ang mga krimen *online*, na nagpapatuloy at lalo pang tumindi.

Paggamit sa *social media* para sa pasismo

Noong Disyembre 2025 at Enero sa kasalukuyang taon, naging kapansin-pansin ang pagdami ng mga komento sa *social media* na naglalaman ng galit ng mamamayan laban sa korapsyon at pasismo ng rehimeng US-Marcos. Sa sukdulang galit at pagkasiphayo, marami ang nagpahayag ng kawastuhan ng armadong paglaban na isinusulong ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Tumaon ang pagdami ng mga komento sa anibersaryo ng Partido, kung kailan may mga paskil ng pahayag, litrato at bidyo hinggil sa pagdiriwang. Karamihan sa mga komento ay pagpapahayag ng kanilang pagkadismaya sa umiiral na bulok na sistema at pagnanais ng rebolusyon upang mabago ang bulok na kalakaran ng bansa.

Upang pigilan ang pagbwelo ng mga komento, binantaan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga nagpahayag ng kanilang hinaing at pinaratangang "nag-uudyok na mag-alsa laban sa gubyerno." Minaliit ng NTF-Elcac ang mga hinaing bilang "propaganda" at pinalalabas na isa lamang itong "malawakang kampanya sa *social media*" ng Partido. Dahil sa takot ng ahensya at ng AFP sa lumalawak na disgusto ng mamamayan sa rehimeng Marcos, naglunsad ito ng kampanyang "dumog" gamit ang ahensyang pang-"PR" (*public relations*) at mga bayarang *troll*. Kabilang sa pinakilos ng NTF-Elcac ang ilampung libong sundalo ng AFP para lunurin sa panunuya o panlilibak ang sinumang may komentong kritikal o pumupuna sa rehimen at laluna laban sa pang-aabuso ng militar. Hayagan din nilang tinabunan ng *fake news* ang mga balita tungkol sa paglabag sa karapatang-tao at kinokontrol ang opinyong publiko sa pamamagitan ng sensura sa midya.

Nakabalangkas sa NAP-UPD

Ang *online* na kampanyang dumog, pagsidhi ng sarbeylans, pagtarget sa mga kritiko ng estado at mga panukalang batas para dito ay nakapailalim sa balangkas ng National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD). Sa ilalim ng Strategic Communication

Sundan sa pahina 7

Mga *ghost project* sa US at Taiwan, pinaiimbestigan ng mga Pilipinong migrante

PINAIIMBESTIGAHAN NG MGA Pilipinong migrante ang natuklasang samutsaring *ghost project* o hindi totoong proyekto ng Department of Migrant Workers (DMW) at Department of Foreign Affairs (DFA) sa US at Taiwan.

Ayon sa DMW, naglalaan ito ng ₱5 milyon kada taon para sa mga *shelter* o pansamantalang tuluyan ng mga migrante na pinatatakbo ng mga *non-governmental organization* at ng ahensya sa Taiwan. Ngunit ayon kay Father Joy Tajonera, isang Pilipino-Amerikanong misyonerong pari at nangangasiwa sa *shelter* na Bahay Ugnayan, hindi na ito nakatatanggap ng subsidyo mula sa Manila Economic and Cultural Office mula 2022.

Napag-alaman din ng pari na naglaan ang ahensya ng ₱2.9 milyon para sa "MWO shelter" sa Taipei na sa kasalukuyan ay sarado.

Sa US, kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan-USA Washington ang *ghost project* ng DFA na Philippine Consulate sa Washington DC. Sa kabila ng nakalaan na pondong ₱83.73 milyon para sa 2025 at ₱88.9 milyon para sa 2026 ay hindi pa rin mahanap ng mga Pilipino sa US kung nasaan ito. Walang ulat kung ano ang nangyari sa pondo. Kinwestyon din ng grupo kung saan napupunta ang pondo para sa Assistance to Nationals ng DFA na nagkakahalaga ng ₱9.8 bilyon para sa 2025. Halos walang ibinibigay na serbisyo ang ahensya sa mga Pilipinong nangangailangan, laluna sa mga Pilipinong idinetine ng Immigration and Customs Enforcement.

Mula sa pahina 6

Cluster nito, nais ng NTF-Elcac na pigilan at kontrolin ang mga daluyan ng impormasyon, pigilan ang rekrutment at kontrahin ang "propaganda" ng rebolusyonaryong kilusan sa loob at labas ng bansa sa pamamagitan ng pagpapakalat ng disimpormasyon, saywar at *Red-tagging*. Pinalalaganap ng ahensya ang kaisipan na lahat ng pagbatikos sa korapsyon at paniniil ay bahagi ng propaganda ng rebolusyonaryong kilusan, habang ang mga protesta ng mga kabataan laban sa korapsyon ay "terror grooming" para bigyang matwid ang pagsupil sa demokratikong karapatan para sa malayang pagpapahayag at pag-oorganisa.

Sakaling mailusot ang pwersahang rehistrasyon sa *social media*, hindi lamang madadagdagan ang nakukulektang pribadong impormasyon at mga pananaw, higit pa nitong gagawing sistematiko ang malawakang sarbeylans ng estado. Tulad ng naunang mga batas, tiyak na magiging palpak ang batas sa layuning sugpuin ang *online* na krimen. Tulad ng naunang pwersahang pagpaparehistro ng SIM Card, tiyak din na milyun-milyong Pilipino ang mawawalang ng akses sa mahalagang serbisyo sa komunikasyon at mapagkakaitan ng boses. Magiging mas madali para sa estado na kontrolin ang opinyon at balita, at pagtarget nito sa mga kritiko. AB

Protesta kontra-korapsyon, ikakasa sa Pebrero 25

INIANUNSYO NG KILUSANG Bayan Kontra Kurakot (KBKK) noong Enero 19 na muli itong maglulunsad ng malawakang protestang kontra-korapsyon sa Pebrero 25, kasabay ng paggunita sa ika-40 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA People Power. Ang grupo ang nanguna sa 100,000-kataong demonstrasyon noong Setyembre 21, 2025 at 20,000-kataong kilos protesta noong Nobyembre 30, 2025 laban sa korapsyon sa Luneta Park, Maynila.

Sa anunsyo ng KBKK, kasama nito ang iba't ibang mga sektor at grupo na aktibong lumalahok sa kilusang kontra-korapsyon sa bansa. Kabilang dito ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), grupo at konseho ng mga kabataang estudyante na nanguna sa malalaking *walkout* noong huling bahagi ng 2025, mga manggagawa at maralitang-lunsod, kababaihan, mga guro, manggagawang pangkalusugan, matatanda at iba pa.

Anila, sa kabila ng naging tuluy-tuloy na pangangalampag ng mga grupo at publiko sa rehimeng Marcos ay iilan pa lamang ang napapanagot at wala pang mga nakukulong na "big fish" o bigatin na sangkot sa korapsyon. Binatikos rin nila ang pagratsada ng rehimen sa pagsasabatas sa pambansang badyet para sa 2026 na sa kaibuturan ay batbat pa rin ng *pork barrel* at iba pang *insertion*. Dagdag rito, malaking batayan rin ng pagkilos nila ang pagbasura ng komite sa Kongreso sa reklamong *impeachment* laban kay Marcos.

Pambubusal at panunupil. Kinundena rin ng KBKK ang pambubusal at panunupil ng rehimeng Marcos sa mga tumitindig kontra-korapsyon. Hindi bababa sa 72 indibidwal ang sinampahan ng reklamo ng Philippine National Police (PNP) sa Department of Justice (DOJ) para sa sedisyon at pag-uudyok ng sedisyon na may kaugnayan sa Anti-Cybercrime Prevention Act of 2012.

Kabilang sa mga inireklamo ng PNP sa DOJ si Renato Reyes Jr, pangulo ng Bayan, at mga lider-estudyante mula sa mga konseho, pahayagan at progresibong grupo na sina Tiffany Faith Brillante, Joaquin Buenaflor, Jacob Baluyot, at Aldrin Kitsune. Tinarget ang mga inireklamo dahil sa partisipasyon sa protestang Baha sa Luneta noong Setyembre 21, 2025 at pag-*post* sa *social media* ng kanilang mga paninindigang kontra-korapsyon.

Naglunsad ng mga protesta ang mga progresibong grupo laban sa panggigipit ng PNP at rehimeng Marcos. Nanawagan sila na kaagad na ibasura ang mga reklamo. Iginiit nila na ang mga kurakot sa gubyerno ang dapat tugisin at ikulong, hindi ang mga lumalaban sa korapsyon.

Rebolusyonaryong ambag ng martir na kadre militar sa Negros, kinilala

Kinilala at pinarangalan ng rebolusyonaryong kilusan sa Negros noong Pebrero si Reynaldo Erecre (Ka Amek) sa kanyang mayamang ambag sa pagsulong ng rebolusyon sa Negros at Central Visayas. Pinaslang si Erecre ng pasistang mga tauhan ng 94th IB matapos siyang madakip noong Enero 30 sa Sityo Apitong, Barangay Bi-ao, Binalbagan, Negros Occidental.

Ayon sa ulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros (Romeo Nanta Command), wala sa katayuang lumaban si Erecre nang nadakip siya ng mga sundalo ng AFP. Sadya siyang pinatay gamit ang labis-labis na pwersa, dahilan kung bakit hindi makilala ang kanyang mukha.

Si Erecre ang kalihim ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Negros nang siya ay namartir. Nagmula siya sa uring mababang petiburges at lumaki sa Maco, Davao de Oro. Nagtrabaho siya sa isang pabrika ng *plywood* tumigil sa pag-aaral sa kursong Bachelor of Science in Education.

Nagpultaym siya sa BHB noong 1996. Pagkatapos ng tatlong taon sa serbisyo ay naging kagawad siya ng komite sa larangan. Naging bahagi siya ng yunit partisano ng BHB sa Cebu at Bohol. Isa rin siya sa mga nanguna sa mapangahas na reyd sa hedkwarters ng PNP sa Bohol noong Hunyo 1999 kung saan nasamsam ang mahigit sa 80 armas. Noong 2004, naitalaga siyang upisyal ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon sa Central Visayas.

Noong 2006, nailipat ng gawain si Erecre sa isla ng Negros at nagsilbing kumander at ikalawang kalihim ng Partido sa larangan ng Southeast Negros. Simula 2019, naging kumander si Erecre ng panrehiyong kumand ng BHB sa isla ng Negros (Apolinario Gatmaitan Command) at naging bahagi ng Kalihiman ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa buong isla. Simula 2023, nagsilbi siyang kalihim ng Partido sa isla. Aktibo siyang nanguna at nagtaguyod sa pagsusulong ng kilusang pawawasto sa isla.

Samantala, namartir sa naganap na engkwentro si Joem Golez. Isa siyang istap sa gawaing medikal ng panrehiyong kumand ng BHB. Nagmula siya sa uring mahirap na magsasaka at residente Barangay Quintin Remo, Moises Padilla. Sumapi si Golez sa hukbong bayan noong 2016. AB

Mga armadong aksyon ng BHB-Northern Samar

INIULAT NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang ilan sa mga armadong aksyon ng mga yunit nito laban sa 19th IB noong Disyembre 2025. Hindi bababa sa tatlong sundalo ng 19th IB ang napatay sa mga ito habang mayroong mga nasugatan.

Sa Las Navas, inambus ng isang yunit ng BHB ang tropa ng 19th IB noong Disyembre 15, 2025 sa Barangay Poponton. Bago nito, binigo ng BHB-Northern Samar ang reyd ng 19th IB sa kampo ng Pulang hukbo sa Barangay Gusaran, Silvino Lobos noong Disyembre 10, 2025. Namartir sa reyd ang isang Pulang mandirigma.

Samantala, iniulat rin nito ang aktibong depensa laban sa 37-elementong yunit ng 19th IB na nagtangkang sumalakay noong Hulyo 22, 2025 sa kampo ng BHB sa Barangay L. Empon, Las Navas. Hindi bababa sa apat na tropa ng 19th IB ang napatay habang walang kaswalti sa yunit ng BHB.

Lupa sa Hacienda Luisita, ipamahagi na. Mahigit 150 magsasaka at manggagawang-bukid mula sa Hacienda Luisita, Tarlac, ang nagprotesta sa DAR sa Quezon City noong Enero 26 para kundenahin ang labis nang nabalam na pamamahagi ng lupa at laban sa pang-aagaw ng kanilang lupa ng mga burgesya-kumprador, pasismo at militarisasyon sa asyenda.

Katutubong mamamayan ng Benguet, kontra sa mina. Muling nagprotesta ang katutubong mamamayan at residente ng dalawang barangay ng Itogon, Benguet noong Enero 27 para tutulan ang pagpapalawak ng operasyon ng Sangilo Mines, pag-aari ng Itogon-Suyoc Resources, Inc. Itinaon ang pagkilos sa isinagawang "public scoping" na ipinatawag ng DENR sa Barangay Tuding.

Laban sa pribatisasyon ng palengke sa Cebu, nagpapatuloy. Nagprotesta ang mga manininda sa ilalim ng Carbonhanong Alliance noong Pebrero 5 bilang bahagi ng nagpapatuloy nilang pagtutol sa pribatisasyon ng palengke. Panawagan nilang tanggalin ang Megawide Construction Inc sa konstruksyon ng palengke dahil tiyak na itataas nito ang upa sa mga pwesto.

Manggagawa sa tubuhan, nagrali sa Passi City. Sama-samang nagprotesta ang daan-daang manggagawang-bukid sa tubuhan, maliliit na taga-giling, at myembro ng iba't ibang samahan ng magtutubo sa Passi City, Iloilo noong Enero 22. Tinuligsa nila ang patuloy na pagbagsak ng presyo ng asukal na, anila, ay bunga ng pagsirit ng importasyon nito sa bansa at kainutilan ng Sugar Regulatory Administration.

Pagtutol ng maralitang mapalalayas ng UP SDG Park. Nagmartsa ang mga residente ng mga maralitang komunidad sa loob ng UP Diliman sa kahabaan ng University Avenue noong Pebrero 5 para tutulan ang pagtatayo ng proyektong Sustainable Development Goals Wellness Park sa kinatitirikan ng kanilang mga bahay at sakahan. Sinalubong sila ng mga kinatawan ng mga konseho ng mag-aaral mula sa iba't ibang kampus ng UP na noo'y nagdaraos ng kanilang taunang pagpupulong.

Reklamong *impeachment* laban kay Marcos, agad na hinarang

Mabilis na ibinasura ng mga kaalyado ni Pres. Ferdinand Marcos Jr sa Kongreso ang inihaing reklamong *impeachment* para tanggalin siya sa Malacañang. Isinalang ito sa Committe on Justice ng Kongreso noong Pebrero 4 kung saan, sa botong 39-7, idineklarang "di sapat ang laman" ng kasong isinampa laban sa presidente.

Hindi na nagulat ang blokeng Makabayan sa pagbabasura ng reklamo. Anito, patunay ito ng bulok ng sistema ng gubyerno, kung saan ipinagtatanggol ng Kongreso ang interes ng mga magnanakaw at kurakot. Para sa pitong bumoto pabor para litisin ang pangulo, sapat ang batayang pagtataksil sa tiwala ng bayan (*betrayal of public trust*).

Kasunod na isasalang ng Kongreso ang dalawang reklamong *impeachment* laban kay Vice Pres. Sara Duterte na isinumite noong Pebrero 2. Isa rito ay inendorso rin ng blokeng Makabayan.

Sa parehong paghahain ng mga reklamo, nagtipon ang mga progresibong grupo sa labas ng Kongreso para suportahan ang kanilang mga kinatawan na naghain nito. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng bansa na parehong may hakbang para tanggalin sa pwesto ang presidente at kanyang bise sa pamamagitan ng *impeachment*. Panawagan nila: "Marcos, Duterte, parehong korap, dapat ma-*impeach*! AB

Malawakang protesta sa kampus, inilunsad ng mga estudyante

SA PAGBUBUKAS NG pangalawang semestre nitong Enero-Pebrero, inilunsad ng mga estudyante ang mga protesta at aktibidad sa di bababa sa 11 unibersidad. Daan-daan ang nagtipon para patuloy na ipaglaban ang kanilang demokratikong karapatan, singilin ang rehimeng Marcos sa malawakang korapsyon at labanan ang panunupil.

Sa University of the Philippines (UP) System, inilunsad ang mga protesta sa 10 kampus nito. Pinakatampok dito ang pagmartsa ng mahigit 550 estudyante ng UP Los Baños sa Laguna noong Enero 19.

Nagkaroon din ng mga protesta sa Polytechnic University of the Philippines, Technological University of the Philippines-Manila, Far Eastern University, University of Santo Tomas, De La Salle University, Ateneo de Manila University, National Teachers' College, Saint Louis University sa Baguio City, Cavite State University at sa University of San Carlos sa Cebu City.

Tindig kontra TOFI. Naging tampok sa mga protesta ang pagtutol sa mga panukalang pagtataas ng matrikula (*tuition and other fee increase* o TOFI) sa mga pribadong unibersidad. Isinasangkalan ng mga unibersidad ang tumataas na gastos sa edukasyon, pagpapaunlad sa mga pasilidad, at mas mataas na sweldo para sa mga guro at kawani. Kaugnay nito, naglunsad ang National Union of Students of the Philippines (NUSP) ng 5-puntong kahingian laban sa TOFI.

Samantala, pinuri ng NUSP ang mga estudyante ng University of the East at DLSU kasunod ng kamakailang anunsyo ng administrasyon ng dalawang unibersidad na hindi ito magpapatupad ng TOFI sa akademikong taon ng 2026-2027. Ibinunga ito ng petisyon, dayalogo, protesta at sama-samang pagkilos ng mga estudyante, konseho ng mag-aaral at mga progresibong grupo.

Laban para sa CBA ng mga superbisor sa PLDT. Sunud-sunod na pagkilos ang inilunsad ng mga superbisor sa PLDT Inc nitong Enero. Panawagan nila ang pagkakamit ng isang makabuluhang *collective bargaining agreement* (CBA) para sa 2026-2028 sa pagitan ng Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor sa PLDT (GUTS-PLDT) at pamunuan ng PLDT Inc. Nagsimula ang negosasyon ng mga kinatawan ng GUTS at pamunuan ng PLDT para sa bagong CBA noong Nobyembre 28, 2025 ngunit matapos ang 16 na beses na negosasyon ay wala pang makabuluhang napagkakasunduan.

25-taong isyu ng iligal na tanggalan sa Toyota. Nagpiket ang Toyota Motor Philippines Corporation Workers' Association sa upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Maynila noong Enero 26. Iginiit nila sa ahensya na tugunan na ang 25 taong usapin sa iligal na tanggalan at ang patuloy na pagkakait ng karapatan sa kolektibong negosasyon. Noong 2001, mahigit 230 manggagawang myembro ng unyon ang iligal na tinanggal ng Toyota kasunod ng paggigiit ng unyon ng negosasyon para sa CBA at welga ng mga manggagawa.

Pagbatikos sa mabagal na aksyon ng NLRC Region 3. Nagpiket ang mga myembro ng National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno sa harap ng National Labor Relations Commission Region 3 sa San Fernando, Pampanga noong Enero 21. Binatikos nila ang ahensya sa mga kontra-manggagawang desisyon na inilabas nito sa nakaraan at ang kupad sa pag-aksyon sa iba pang kasong isinampa ng mga manggagawa.

Panawagan para sa umento sa sahod sa Calabarzon. Nagprotesta ang mga manggagawa ng Southern Tagalog sa upisina ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board IV-A sa Calamba, Laguna noong Enero 26. Inirehistro nila ang panawagan para sa dagdag na sahod sa buong bansa na nakasasapat at nakabubuhay sa isang pamilya. Binatikos nila ang ahensya sa pagbibigay ng barya-baryang umento sa sahod sa nakaraan.

Dayuhang pagmimina, todong nilalabanan sa Nueva Vizcaya



Noong Enero 23, pitong residente ng Dupax del Norte, Nueva Viscaya ang inaresto sa kanilang barikada laban sa planong pagmimina ng kumpanyang British na Woggle Corporation sa kanilang barangay. Gamit ang 400 pulis, katuwang ang mga tauhan mula sa Bureau of Fire Protection, pwersahang ipinasok ng kumpanya ang *drilling equipment* (pambutas sa lupa), *backhoe* at iba pang makinarya.

Nagmula ang utos na buwagin ang barikada at arestuhin ang taumbaryo sa desisyon noong Enero 19 ng Regional Trial Court 30 ng Nueva Vizcaya. Sa mismong araw ng pambubuwag, daan-daang residente, kanilang mga tagasuporta, mga taong simbahan at myembro ng mga grupong makakalikasan ang humarang sa daan.

Kabilang sa inaresto si Florentino Daynos, isa sa mga lider ng Defend Dupax del Norte. Noong Enero 26, pinalaya rin siya at anim pang iba matapos ibasura ng piskalya ang kasong “resistance and disobedience against person in authority" at ang idinagdag na kasong “obstruction of justice” laban sa kanila.

Liban sa korte at pulis, nagbanta na rin ang militar sa pamamagitan ng 86th IB na susupilin ang laban ng mga taga-Dupax sa tabing ng “pagbabantay” at *Red-tagging* sa mga organisasyong sumusuporta sa laban ng mamamayan.

Barikada, protesta at pakikiisa

Itinayo ng mga residente ng Sityo Keon, Barangay Bitnong, Dupax del Norte ang kanilang barikada noong Setyembre 17, 2025 bilang depensa sa kanilang lupa, kabuhayan, at kinabukasan ng susunod na henerasyon. Napigilan nila ang pagpasok ng sasakyan, makinarya, at tauhan ng kumpanya sa daan patungong *exploration area*.

Unti-unting nakilala ang mga taga-Dupax sa kanilang matapang na paglaban sa dayuhang kumpanya. Nakuha nila ang suporta ng Diyosesis ng Bayombong, kalapit na mga eskwelahan at maging ilang lokal na upisyal sa gubyerno. Dinayo ang barikada ng mga tagapagtanggol ng kalikasan, at progresibong grupo at kongresista. Tumampok ang barikada sa midya at *social media* sa loob at labas ng bansa.

Noong Enero 24, nagprotesta ang mga grupong maka-kalikasan at progresibo sa pangunguna ng Kalikasan sa harap ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Quezon City upang kundenahin ang pagpahintulot ng kagawaran sa eksplorasyon ng Woggle sa kabila ng malinaw na pagtutol ng komunidad. Noong Enero 28, muli silang nagprotesta sa harap ng upisina ng FCF Mining sa Makati City.

Sa London, nagprotesta ang London Philippine Solidarity, kasama ang mga progresibong grupong migrante, sa upisina ng Metals Exploration PLC, ang kumpanyang may-ari ng Woggle. Inilunsad ng mga grupo sa United Kingdom ang kampanyang “British Mining Out of the Philippines” upang ipanawagan ang pagwawaksi ng operasyong mina ng mga kumpanya mula sa Great Britain na dumarambong at sumisira sa likas na yaman ng Pilipinas at lumalabag sa karapatang-tao.

Mapangwasak na pagmiminang British sa Nueva Vizcaya

Hindi bago ang laban sa dayuhang pagmimina sa Nueva Vizcaya. Bago ang laban sa Woggle, aktibo nang nilalabanan ng mga residente dito ang FCF Mining. Pinatatakbo nito ang Runruno Gold-Molybdenum Project sa Barangay Runruno, na 20 kilometro lamang ang layo mula sa Dupax del Norte. Paubos na ang mina sa Runruno na sinimulang minahin ng FCF noong 2005 kung kaya’t nagpapalawak ito sa Dupax del Norte at ganundin sa Abra. Ang FCF Mining, na buong pagmamay-ari ng Metals Exploration PLC, ay nagmamay-ari sa 60% ng Woggle. Ang Metals Exploration ang direktang nagmamay-ari sa natitirang 40%.

Sa Runruno, matagal nang iginigiit ng mga residente at mga organisasyon sa kalikasan na ipasara ang FCF Mining dahil ang operasyon nito ay nasa loob o malapit sa Magat Watershed—isang protektadong lugar na pinagkukunan ng irigasyon ng mahigit 84,000 ektarya ng sakahan sa Cagayan Valley at sumusuporta sa 61,812 magsasaka

Sundan sa pahina 11

Hatol sa mamamahayag, taong-simbahan sa “terror financing,” banta sa kalayaan sa pamamahayag

Malawakang kinundena ng mga grupo ng mamamahayag sa loob at labas ng bansa, gayundin ng mga taong-simbahan, akademiko at mga grupong progresibo ang hatol na maysala kina Frenchie Mae Cumpio at Marielle Domequil sa kasong "terror financing." Hinatulan ang dalawa noong Enero 22 ng hanggang 18 taong pagkakabilanggo. Pinagmulta rin sila ng ₱500,000 kada isa.

Tagapangasiwa si Cumpio sa independyenteng *media outlet* na Eastern Vista at kontribyutor ng Altermidya, habang si Domequil ay istap ng Rural Missionaries of the Philippines. Inaresto sila, kasama ang tatlo pa noong Pebrero 7, 2020. Kolektibong silang kinilala bilang Tacloban 5.

Ikinagulat ng marami ang hatol, lalo’t noong Oktubre 2025, idineklara ng Court of Appeals na walang batayan ang pagsamsam ng estado sa perang nakuha sa katauhan ni Cumpio. Ayon sa korte, walang ligal o aktwal na batayan para masabing may kaugnayan ang pera sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Samantala, abswelto naman sina Cumpio at Domequil sa hiwalay na kasong *illegal possession of firearms and explosives*.

Tinawag ng mga mamamahayag ang hatol kina Cumpio at Domequil bilang “kabiguan ng hustisya” at seryosong banta sa dati nang kalunus-lunos na kalagayan ng kalayaan sa pamamahayag at pagpapahayag sa Pilipinas. Binatikos nila ang paggamit ng estado ng batas kontra-terorismo para patahimikin ang mga mamamahayag at iba pang boses ng pagtutol. Liban kina Cumpio at Domequil, di bababa sa 35 pang indibidwal ang kinasuhan ng “terror financing” mula 2021.

Nangangamba rin ang mga internasyunal na organisasyon ng mamamahayag sa anila’y kauna-unahang paghatol sa isang mamamahayag sa kaso ng “terror financing.” Di bababa sa 14 dayuhang embahada sa Pilipinas ang nanawagan na agad na palayain sina Cumpio at Domequil.

Bago at sa araw ng paghatol, naglunsad ng protesta ang mga progresibong organisasyon sa Tacloban City at Metro Manila. Noong Enero 22, daan-daan ang nagtipon sa harap ng Commission on Human Rights para tutulan ang di makatarungang hatol at igiit ang agad na pagpapalaya sa Tacloban 5. AB

Mula sa pahina 10

at 360 asosasyon sa irigasyon. Alinsunod sa mga petisyon na isinumite ng mga grupong maka-kalikasan, ang minahan sa Runruro ay nagtatambak ng lasong basura at nagdudulot ng polusyon sa ilog, pagbaha, at iba pang kapahamakan sa kapaligiran. Sa kabila nito, patuloy na tumatanggi ang DENR sa kahilingang ipasara ang mina. Sa halip, tinawag nitong "walang basehan" ang mga petisyon at ginamit ang teknikal na dokumento tulad ng Environmental Compliance Certificate at Environmental Protection and Enhancement Program para tabunan ang lehitimong pangamba ng mamamayan.

Ayon sa isang dokumento ng Metals Exploration PLC, layon ng kumpanya sa pagpasok sa Dupax del Norte ang maipagpatuloy ang operasyon ng pagproseso ng *ore* ng FCF Mining sa Barangay Runruno. Planong dalhin at iproseso sa Runruno ang anumang potensyal na mamina mula sa Dupax del Norte. Sa gayon, tinitiyak nito ang pangmatagalan at walang patid na pandarambong sa likas na yaman ng Nueva Viscaya, habang ang mga residente nito ang nagdurusa sa pagkasira ng kapaligiran, pang-aagaw ng lupa at dulot nitong panlipunang pinsala.

Simbolo ang Runruno ng pagbebenta ng estado sa pinagkukunan ng tubig at produksyon ng pagkain ng Cagayan Valley sa kapitalistang British. Ito ang nagpatatag sa paninindigan ng mga Novo Vizcayanon na labanan ang mina. Panawagan nila: “Ipamana, huwag ipamina!”

Liban sa Dupax, katulad na paghihirap at karahasan ang isang dekada nang dinadanas ng mga residente ng Barangay Didipio, Kasibu na lumalaban sa OceanaGold, isang kumpanyang Australian-Canadian. Matagal na ang paglaban ng mga magsasaka at katutubong komunidad dito laban sa mapangwasak na malawakang pagmimina at dayuhang pandarambong na sumisira sa lupang ninuno, ilog, at kabuhayan. AB

2 *hors de combat*, sadyang pinatay ng 47th IB

SUGATAN NANG NAABUTAN ng mga sundalo ng 47th IB ang mag-asawang Pulang mandirigma na sina Pedro Gemodo, 61, at Juliana Arculo Gemodo, 63, sa Sityo Agpapataw, Barangay Binobohan, Guihulngan City, Negros Oriental noong Enero 31. Sa halip na ituring na mga bihag ng digma at lapatan ng paunang lunas bilang paggalang sa kanilang karapatan, sadyang pinatay ng mga sundalo ang dalawa.

Nasugatan ang mag-asawang Gemodo sa pamamaril ng 47th IB sa pag-atake sa hinihimpilan nilang kubo sa Sityo Agpapataw. Nakatakbo sila papalayo sa pinangyarihan ng insidente ngunit naabutan ng mga berdugo.

Pinarangalan ang dalawa ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) sa pagbubuwis nila ng buhay para sa masang Negrosanon.

Mga *economic zone* para sa dayuhang negosyo at pagsasamantala, dinagdagan

Dalawang bagong *economic zone* (*ecozone*) ang idineklara ng rehimeng US-Marcos sa bisa ng isang proklamasyon noong Enero 6. Itatayo ito sa Batangas at Iloilo, dagdag sa 32 nang binuksan ng rehimen mula nang maupo sa poder. Ngayong 2026, target ng rehimen na makapagbukas ng 30 pang *ecozone*, pangunahin sa kanayunan.

Itatayo ang isang bagong *ecozone* sa Tanauan City, Batangas. Ekstensyon ito sa nakatayo nang First Industrial Township-Special Economic Zone sa Barangay Pagaspas at Trapiche. Mahigit limang ektaryang lupa ang saklaw ng kabuuang *ecozone*. Nangangamba ang mga residente rito na palalayasin ang mga komunidad na tatamaan ng ekspansyon.

Sa Iloilo City, itatayo sa Barangay San Rafael, Mandurriao District ang isa pang *econzone* na sasaklaw sa 3.8 ektaryang lupa. Magsisilbi itong IT Park na magiging sentro ng *business process outsourcing* o BPO.

Magsisilbi ang bagong mga *ecozone* bilang engklabo ng mura at kiming lakas-paggawa ng mga manggagawang Pilipino. Dito, nakapako ang sahod at benepisyo, mahigpit ang mga pagbabawal sa pag-uunyon at welga, at laganap ang panunupil sa karapatan sa paggawa. Para akitin ang mga dayuhang kumpanya, binibigyan sila ng samutsaring mga insentiba, kabilang ang hindi pagsingil sa kanila ng buwis.



Hindi bababa sa 430 ang *ecozone* sa buong bansa. Ang mga ito ay nasa direktang pangangasiwa ng Philippine Economic Zone Authority (Peza), ahensya sa ilalim ng Department of Trade and Industry, na itinatag noong 1995 sa bisa ng Republic Act (RA) No. 7916 o The Special Economic Zone Act of 1995.

Bago pa ang PEZA, itinatayo na ang katulad na mga sona sa bisa ng RA No. 5490 o Foreign Trade Zone Authority (1969) at Presidential Decree No. 66 na lumikha sa Export Processing Zone Authority (1972), kapwa sa ilalim ng rehimeng US-Marcos I.

Karaniwang pamumuhunan sa mga PEZA ang mga industriya ng pagmamanupaktura, *information technology* o serbisyo, agro-industriyal, turismo at paglilibang, malayang pagpapalitan at lohistika, na lahat ay para sa eksport. Noong 2025, iniulat ng rehimen na umabot sa ₱260.89 bilyon ang aprubadong pamumuhunan sa mga *ecozone*, pinakamataas mula noong 2016. Gayunpaman, maliit na bahagi lamang ito ng kabuuang pamumuhunan ng bansa.

Sa 2026, target ng rehimeng Marcos na makaakit ng dayuhang pamumuhunan na nagkakahalaga ng ₱300 bilyon. Taliwas sa pagmamalaki ni Marcos, walang makabuluhang ambag ang mga *ecozone* sa lokal na produksyon.

Para sa masang manggagawa, sa kabila ng "lumalaking pamumuhunan" ay nanatiling barat ang arawang sahod. Sa pagtatapos ng 2025, nakapako sa ₱695 ang minimum na arawang sahod sa National Capital Region, sinundan ng ₱600 sa Region IV-A at pinakamababa sa BARMM sa halagang ₱411. Ang barat na arawang sahod sa mga rehiyon ang dahilan kung bakit prayoridad ng PEZA na magtayo ng mga bagong *ecozone* sa mga prubinsya.

Laban sa "forced leave" sa loob ng *ecozone*

Sa Freeport Area Bataan (FAB) sa Mariveles sa Bataan, ang kauna-unahang *ecozone* sa bansa, nagkamit ng paunang panalo ang mga manggagawa ng FCF Manufacturing Corporation kamakailan laban sa mapagsamantalang patakaran ng kumpanya na "forced leave." Matapos ang halos isang taon na pakikibakang ligal, kinatigan ng *labor court* ang mga manggagawa at idineklarang "iligal" ang iskemang "forced leave."

Noong Abril 2025, nagsampa ng reklamo ang mga manggagawa sa National Labor Relations Commission sa San Fernando City, Pampanga kaugnay ng apat na buwang "forced leave." Karaniwan itong ipinatutupad kapag "walang produksyon" ang pabrika na kasunod ng panahon ng "hataw" o maramihan at mabilisang paggawa. Anang mga manggagawa, hindi sinunod ng kumpanya ang pagbibigay-abiso bago ang "forced leave" at walang anumang kumpensasyon na ibinigay sa mga apektado.

Ang FCF ay gumagawa ng mamahaling mga kagamitan tulad ng *leather bag* at *wallet* na may tatak na Coach at Kate Spade. Kabilang ang FCF sa mga kumpanya ng Fashion Focus Ltd, isang kumpanya na nakabase sa China. AB